Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 9 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Heidi S. Ciriaco | Pang. Punong Bayan<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 280-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 32-T'2000/KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 01-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY IV POBLACION NA ISINASAAYOS AT INILILIPAT ANG HALAGANG LABINLIMANG LIBONG PISO (P15,000.00) TUNGO SA GASTUSIN SA PAGSASANAY / TALAKAYAN SA NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 32-T'2000 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T'2000 ng Sangguniang Barangay IV na naglalayong magsaayos/ maglipat ng halagang P15,000.00 na nakalaan para sa iluminasyon at patubig upang ilaan sa pagsasanay / talakayan sa barangay na parehong nasa pondo ng Mentinansya at Iba Pang Gugulin;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Edgardo T. Porca, Florencio C. Odejar at Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 32-T'2000/Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'2000 ng Sangguniang Barangay IV-Poblacion na isinasaayos at inililiwat ang halagang P15,000.00 tungo sa gastusin sa pagsasanay / talakayan sa nabanggit na barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay IV-Poblacion, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagpangulo

PINAGTITIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan